

# Gabay para sa Mga Naa-access na Cooling Center



## Gabay para Matiyak na Mapaglilingkuran ang Mga Taong May Mga Kapansanan at Mga Indibiduwal na May Mga Pangangailangan sa Access at Paggana nang Patas sa Mga Cooling Center

Ang layunin ng gabay na ito ay suportahan ang mga hurisdiksyon para magplano, at paganahin ang mga naa-access na Cooling Center na maaaring paglilingkuran ang mga tao na may mga kapansanan at mga indibiduwal na may mga pangangailangan sa access at paggana sa kumpleto at nararapat na paraan.

### Pagpapalano

**Pinakamahasay na gagana ang access kapag maaga kang naghanda at kapag mayroong pananagutan.**

- Kumonsula at makipagtulungan sa mga organisasyon na may kaugnayan sa mga pangangailangan ng may kapansanan at mga pangangailangan sa access at paggana (hal., Area Agencies for Aging, Mga Independent Living Center, Aging and Disability Resource Center, at Mga Organisasyon sa Komunidad) bago sa oras ng at pagkatapos ng pag-ooperate ng mga cooling center. Ang kahalagahan ng kumpletong pagpapalano ay hindi dapat sobra.
- Magtalaga ng miyembro ng team para maging responsable sa pagtiyak na maa-access nang aktwal at mayroong komunikasyon sa bawat cooling center. Dapat mahigpit na makipagtulungan ang indibiduwal na ito sa mga organisasyon para maunawaan ang kanilang mga pangangailangan sa pagiging naa-access na may kaugnayan sa pisikal at komunikasyon.
- Sanayin ang lahat ng tauhan at mga boluntaryo sa kung paano tutugon sa mga kahilingan para sa at mga tanong tungkol sa mga makatwirang accommodation.
- Tiyakin na mararating ng mga serbisyo ng lokal na pampublikong transportasyon Maagang kilalanin ang mga vendor na maaaring tawagin para magbigay ng makatwirang mga accommodation (hal., serbisyo ng pagsasalin-wika para sa ASL, mga app para sa interpreter nang malayuan o sa telepono, kumpanya para sa alternatibong format para sa Braille, malaking print na pagsasalin- wika ng mga dokumento).
- Maagang kilalanin ang mga vendor na maaaring tawagin para magbigay ng makatwirang mga accommodation (hal., serbisyo ng pagsasalin-wika para sa ASL, mga app para sa interpreter nang malayuan o sa telepono, kumpanya para sa alternatibong format para sa Braille, malaking print na pagsasalin- wika ng mga dokumento).

### Komunikasyon

**Magbigay ng naa-access na impormasyon at komunikasyon tungkol sa pananatiling malusog at ligtas.**

- Huwag kailanman humingi ng patunay ng kapansanan.
- Gumamit ng simpleng wika at pang-araw-araw na salita, iwasan ang salita para sa patakaran at medikal.
- Ibigay ang lahat ng impormasyon sa naa-access na mga format at madaling mabasa na mga materyal na may malaking teksto at mga larawan o mga visual cue.
- Ilista ang mga pinagkakatiwalaang messenger na kumakatawan sa mga komunidad para magsagawa ng outreach.

### Set-Up ng Site

**Gamitin ang sumusunod na checklist para matiyak na ang isang tao na may kapansanan o indibiduwal na may pangangailangan sa access at paggana ay makakapag-navigate sa cooling center:**



- Mayroon bang malinaw, madaling basahin at nakikitang karatula na nagsasabi sa mga tao kung paano pumunta at umikot-ikot sa site? Ito ba ay nasa karaniwang mga wika o graphics?
- Mayroon bang Abiso tungkol sa ADA na nakapaskil sa site? Malinaw bang sinabi kung paano makakahiling ng makatwirang accommodation o pagbabago ang isang tao?
- Ganap bang patag at malapit ba sa site ang mga paradahan, lakaran at mga pasukan?
- Mayroon bang pasukan na hindi kailangan ng hagdan?
- Madali bang buksan ang mga pinto ng isang tao na gumagamit ng wheelchair o may limitasyon sa paggalaw? Kung wala, mayroon bang makakapagbigay ng tulong?
- Aktwal bang mapupuntahan ng mga gumagamit ng wheelchair ang mga mesa para sa pag-check in o pagpaparehistro?
- Wala bang mga furniture o iba pang mga gamit ang lugar (tulad ng mga bag o mga extension cord) na pipigil sa isang bulag o tao na gumagamit ng wheelchair na madaling gumalaw sa espasyo?
- Mayroon bang tahimik o pribadong espasyo para magamit ng mga tao?
- Mayroon bang mga maa-access na mga banyo na para sa anumang kasarian, mga washing station, at mga lugar para sa tulong sa service animal?
- Mayroon bang mga hakbang para mag-advertise ng walang mga itatanong na pagkakakilanlan at titiyakin na hindi kailanman tatanungin ang dokumentasyon tungkol sa imigrasyon o tatalakayin nang may kaugnayan sa mga serbisyo ng cooling center?
- Mayroon bang hiwalay na mga itinalagang lugar para sa mga bisita na may mga alagang hayop at mga bisita na walang alagang hayop (kasama ang mga bisita na may mga alerhiya sa alagang hayop para manatiling ligtas)? Mayroon bang access sa tubig para sa mga alagang hayop / mga hayop?
- Mayroon bang pang-edukasyon o panlibang na programa na ibinibigay sa naa-access na mga format?

### Orientation ng Staff at Boluntaryo

**Magbigay ng pampublikong orientation sa tauhan at mga boluntaryo tungkol sa magandang asal sa komunikasyon at mga protokol para sa mga pakikipag-ugnayan.**

- Sanayin ang tauhan at mga boluntaryo na tanungin ang mga indibiduwal na may mga kapansanan at tao na may mga pangangailangan sa access at paggana kung gusto o kailangan nila ng tulong sa halip na gumawa ng mga pagpapalagay tungkol sa ano ang maaaring kailangan o gusto ng isang tao.
- Sanayin ang tauhan at mga boluntaryo na direktang makipag-ugnayan sa indibiduwal na tinutulungan nila, hindi ang tao sa kanila (hal., ang kanilang interpreter o provider ng personal na pangangalaga).
- Tiyakin na mayroong panulat at papel ang lahat ng miyembro ng team o digital devie para gamitin kung kinakailangan kapag nakikipag- ugnayan sa mga indibiduwal na bingi o mahina ang pandinig. Maaaring kapaki-pakinabang ang mga maikling nakasulat na pakikipag-usap, pero ang mas kumplikadong mga pakikipag- ugnayan/pakikipag-usap ay mangangailangan ng mga ASL interpreter.
- Tukuyin ang mga lokal na mapagkukunan para makilala at ma-refer ng tauhan ng cooling center ang anumang mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali na maaaring magkaroon.
- Turuan ang tauhan at mga boluntaryo na maunawaan na ang lahat ng tauhan na nagbibigay ng suporta, tauhan na nag-aalaga, at mga service animal ay pinapayagang manatili sa indibiduwal at dapat bigyan ng access sa, at sa buong mga cooling center. Ang mga service animal ay hindi itinuturing na mga alagang hayop at dapat payagang makapasok sa mga cooling center.
- Sanayin ang tauhan ng cooling center para makilala ang mga karatula at [mga karatula at mga sintomas ng sakit na may kaugnayan sa init](#).
- Magtalaga ng taong kokontakin para matugunan ang mga tanong o alalahanin.

### Mga Protokol Isa Paglilinis para Tumulong na Maiwasan ang Sakit

**Magbigay ng impormasyon sa mga protokol sa paglilinis para manatiling malusog at ligtas.**

- Sundin ang patnubay ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) para sa [Cleaning and Disinfecting Your Facility \(Paglilinis at Pagdidisimpekta ng Iyong Pasilidad\)](#).
- Magpaskil ng mga karatula na nagbibigay ng mga instruksyon sa kalinisan sa kamay, kalinisan sa paghinga, tamang asal sa pag-ubo, at mga panakip sa mukha kung may mga sintomas.
- Panatilihin laging may stock na mga supply para sa paghuhugas ng kamay ang mga banyo at lababo kasama ang sabon at mga materyal para magpatuyo ng kamay.
- Magbigay ng mga hand sanitizer na gawa sa alkohol na may hindi bababa sa 60% alkohol sa mga pangunahing lugar sa pasilidad, kasama ang mga pasukan/labasan at iba pang mga lugar na palaging ginagamit ng mga tao.

**Espesyal na pasasalamat sa Disability Rights Education and Defense Fund at ang mga ahensya ng estado ng California sa gabay na ito:**

- Governor's Office of Planning and Research, Office of Community Partnerships and Strategic Communications
- California Department of Public Health, Office of Health Equity and Center for Preparedness and Response
- California Commission on Disability Access